# Ampalaya



Ang amorgoso o mas kilala sa tawag na ampalaya ay isa sa mga gulay na itinatanim sa bansa. Ito ay may taglay na mga mineral tulad ng calcium, potassium, copper at iron, at mga bitamina tulad ng vitamin A, $B_1$ at $B_2$. Mayroon din itong *plant insulin* na nakatutulong sa pagpapababa ng dugo at *urine sugar*.



Bagamat maaaring itanim ang ampalaya sa buong taon, pinakamainam na magtanim nito mula Oktubre hanggang Disyembre at mula Mayo hanggang Hulyo. Ang pagtatanim ay dapat gawin minsan sa dalawang taon sa parehong lugar o area.

## URI NG LUPANG TANIMAN

Ang ampalaya ay maaaring itanim sa lupa na may siguradong mapagkukunan ng tubig at madaling matuyuan. Gayunpaman, ang lupang tinatawag na buhanginang galas o lagkitang galas na may asim (pH) na 5.5-6.5 ay pinakamainam na taniman.

## PAGHAHANDA NG LUPANG TANIMAN AT PAGGAWA NG BALAG



Araruhin at suyurin ang lupang tatamnan. Gumawa ng balag na may pagitang 2.5 x 2.5 metro bawat isa at taas na 1.5 x 2 metro. Magkabit ng isang layer ng GI wire #14 sa taas nito.

Maglagay din ng 2 layer ng GI wire #18 tatlong talampakan pababa mula sa taas na layer. Maglagay ng plastic string sa taas ng balag na may pagitang 20 sentimetro bawat isa at abaca string mula sa taas na layer pababa.

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

**PAGTATANIM**



Bitakin nang bahagya ang buto at ibabad sa tubig sa loob ng 12-24 oras. Kulubin (incubate) ito nang 24-48 oras hanggang lumitaw ang ugat. Maglagay ng 50 gramo ng organikong pataba sa bawat butas bago ito tamnan. Maglagay ng isang buto sa bawat butas na may lalim na 2 sentimetro at may layong 50 sentimetro.

**PAGDADAMO**




Damuhan ang lupang tinaniman 14 na araw pagkatapos tumubo ng mga tanim. Magdamo tuwing ika-14 na araw o tuwing kinakailangan. Iwasang bunutin ang mga damo o galawin man ang lupa  sa pagitan ng bawat puno dahil maaaring masaktan ang ugat ng halaman. Maaari ring magdamo bago patabaan ang mga pananim.

**PAGPAPATABA**

| Uri ng Pataba | Dami ng Pataba (kada ektarya) | Panahon ng Pagpapataba | Paraan ng Pagpapataba |
|---|---|---|---|
| 14-14-14 | 3 sako | Sa pagtatanim | Basal |
| 21-0-0 +16-20-0 | 3 sako + 3 sako | 28 araw pagkatanim | Side dress |
| 21-60-0 +14-14-14 | 3 sako + 3 sako | 56 na araw pagkatanim | Side dress |

**PAGPAPATUBIG**

Patubigan ang tanim 14 na araw pagkatubo nito. Ulitin ang pagpapatubig tuwing makalipas ang 7 araw sa mga buwan ng Oktubre hanggang Disyembre at tuwing kinakailangan lamang sa mga buwan ng Mayo hanggang Hulyo.




PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice

## PAGKONTROL SA MGA KULISAP AT SAKIT

| Insekto | Kontrol |
|---|---|
| Aphids | Mag-spray ng Methomyl |
| Thrips | Mag-spray ng Imidaclorpid |
| Fruit fly | Takpan ang prutas at maglagay ng fruit fly attractant |

| **Sakit** | **Kontrol** |
|---|---|
| Downy mildew | Gumamit ng *Mancozeb chemical* |
| Bacterial blight | Gumamit ng *Copper hydroxide chemical* |

## PAG-AANI



Anihin ang bunga kapag kulay berde, makintab ang kulay at nasa sapat nang laki ang bunga. Ito ay sa ika-15 hanggang 20 araw pagkatapos mamulaklak o 60 hanggang 95 na araw pagkatanim. Gawin ang pamimitas ng bunga nang may 2 hanggang 3 araw na pagitan. Maaari itong tuloy-tuloy na anihin nang 2 hanggang 3 buwan.

**Para sa karagdagang impormasyon, sumulat, bumisita, o tumawag:**
NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER
CLSU Compound, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
0916-508-3569

Inilimbag na may pahintulot ng NUEVA ECIJA FRUITS & VEGETABLES SEED CENTER

PHILRICE

Fair use of this material is encouraged. Proper citation is requested. | © 2010 PhilRice